Tungkol sa California Paid Family Leave

Para sa maraming nagtatrabahong Californian, maaaring maging mahirap ang paghahanap ng oras na makasama ang isang mahal sa buhay sa panahong pinakakailangan nila ito. Ginawa ang programang Paid Family Leave ng California para sa mahahalagang sandaling iyon – kapag naglalaan ka ng oras sa bagong panganak o nag-aalaga ka ng miyembro ng pamilya na may malubhang karamdaman.

Maiikling Impormasyon Tungkol sa California Paid Family Leave

- Nagbibigay ng hindi bayad nang buo na benepisyo upang makasama ang isang isang bagong panganak (maaaring bagong silang, inampon, o itinalaga sa foster care) o upang alagaan ang miyembro ng pamilya na may malubhang karamdaman (anak, magulang, biyenan, lolo o lola, apo, kapatid, asawa,o nakarehistrong kinakasama).
- Hindi kinakailangang kunin nang sabay-sabay.
- Nagbibigay ng humigit-kumulang 60 hanggang 70 porsyento ng iyong sweldo sa panahon ng iyong leave.
- Pinopondohan ito sa pamamagitan ng iyong withholding na buwis sa State Disability Insurance, kaya malaki ang posibilidad na kwalipikado ka kung nakabayad ka sa State Disability Insurance (nakatala bilang "CASDI" sa mga paystub) o sa isang kwalipikadong boluntaryong plano sa nakaraang 5 hanggang 18 buwan.
- Upang maglaan ng oras sa bagong panganak, maaaring gamitin ang leave anumang oras sa loob ng unang 12 buwan mula nang naging bahagi ng iyong pamilya ang isang sanggol.
- Ang estado ng pagkamamamayan at imigrasyon ay hindi nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat.

CALIFORNIA
PAID FAMILY LEAVE
moments matter.

Mga benepisyo mula sa Paid Family Leave:
Ibinibigay sa mga mamamayan ng California ang panahon na kailangan nila para sa mahahalagang sandali.

English	1-877-238-4373
Spanish	1-877-379-3819
Cantonese	1-866-692-5595
Vietnamese	1-866-692-5596
Armenian	1-866-627-1567
Punjabi	1-866-627-1568
Tagalog	1-866-627-1569
TTY	1-800-445-1312

Maaari ring bumisita ang mga indibidwal sa isang tanggapan ng Paid Family Leave o Disability Insurance upang makakuha ng mga claim form, makatanggap ng impormasyon, o makipag-usap sa isang kinatawan.

Bumisita sa State Disability Insurance Office (edd.ca.gov/Disability/Contact_SDI.htm) na malapit sa inyo

EDD Employment Development Department
State of California

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa:
CaliforniaPaidFamilyLeave.com

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang ihain sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice). Para sa mga user ng TTY, mangyaring tumawag sa California Relay Service sa 711.

BAYAD NA FAMILY LEAVE NG CALIFORNIA

Tumutulong sa mga mamamayan ng California na hindi mawala sa mahahalagang sandali.

Kwalipikado Ba Ako Para Sa California Paid Family Leave?

Upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng Paid Family Leave, **dapat ay natutugunan mo** ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Kinakailangang mag-time off mula sa trabaho upang mag-alaga ng miyembro ng pamilyang may malubhang karamdaman o maglaan ng oras para sa bagong panganak.
- Maging saklaw ng State Disability Insurance (o ng boluntaryong plan sa halip na ng State Disability Insurance).
- Kumita nang hindi bababa sa $300 sa nakalipas na 5 hanggang 18 buwan.
- Isumite ang iyong claim nang hindi lalampas sa 41 araw pagkatapos mong simulan ang iyong family leave. Huwag kang mag-file bago ang iyong unang araw ng leave.

Kung iniatas ng iyong employer, dapat gamitin mo ang hanggang dalawang linggo ng hindi nagamit na vacation leave o bayad na time off. Tiyakin sa iyong departamento ng human resources upang makumpirma ang mga kinakailangan ng employer mo.

Paano Kinakalkula ang Mga Halaga ng Benepisyo?

Nagbibigay ang California Paid Family Leave ng humigit-kumulang 60 hanggang 70 porsyento ng iyong sweldo kada linggo (mula $50 hanggang $1,300 kada linggo).

Kinakalkula ang halaga ng benepisyo mula sa iyong pinakamalaking kita sa apat na buwan sa loob ng nakalipas na 5 hanggang 18 buwan, bago ang simula ng iyong claim. Ang Employment Development Department ay may online na calculator na makakatulong tantiyahin ang iyong benepisyo kada linggo. Bisitahin ang **Disability Insurance and Paid Family Leave Calculator (edd.ca.gov/PFL_Calculator)** para tantiyahin ang iyong benepisyo.

Kung ikaw ay tinukoy na kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo, maaari mong piliin kung papaano mo makukuha ang mga pagbabayad ng benepisyo: gamit ang EDD Debit Card℠ sa pamamagitan ng Bank of America o kaya naman sa pamamagitan ng tseke, na ipapadala mula sa EDD.

Nagbibigay ba ang Paid Family Leave ng Proteksyon sa Trabaho?

Hindi nagbibigay ang California Paid Family Leave ng proteksyon sa trabaho o ng karapatan sa pagbabalik sa trabaho.

Gayunpaman, maaaring ibigay ang proteksyon sa trabaho sa ilalim ng iba pang batas gaya ng Family and Medical Leave Act ng federal, ang California Family Rights Act, o ang New Parent Leave Act (kung kwalipikado ka).

Abisuhan ang iyong employer tungkol sa iyong planong mag-leave at ang dahilan sa pag-leave na ayon sa patakaran ng kumpanya mo.

Paano Ako Mag-a-apply Para sa Mga Benepisyo?

Mag-apply para sa mga benepisyo ng Paid Family Leave gamit ang **SDI Online** (**edd.ca.gov/SDI_Online**).

Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng papel na form. Bumisita sa **EDD Forms and Publications** **(edd.ca.gov/Forms)** upang makakuha ng *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F).

Para sa mga caregiving claim, dapat magbigay ka ng medikal na certification na nagpapakitang ang tatanggap ng pangangalaga ay may malubhang kundisyong pangkalusugan at kinakailangan ang iyong pangangalaga. Kinakailangan itong kumpletuhin ng doktor/practitioner ng tatanggap ng pangangalaga. Kinakailangan din ang impormasyon tungkol sa tatanggap ng pangangalaga at ang kanilang lagda.

Para sa mga bonding claim, dapat magbigay ka ng dokumentasyong nagpapatunay sa kaugnayan mo at ng bata (hal., isang kopya ng certificate ng kapanganakan ng bata, kasunduan sa pagsasaayos ng pag-ampon, o record sa pagsasaayos ng foster care).

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Disability Insurance na nauugnay sa pagbubuntis, hindi kailangang humiling ng form sa claim ng Paid Family Leave. Ipapadala ang impormasyon sa paghahain ng bonding sa iyong SDI Online account o sa pamamagitan ng liham kapag natapos na ang iyong disability claim na nauugnay sa pagbubuntis.

Kung nasasaklaw ka ng isang boluntaryong plano, makipag-ugnayan sa iyong employer upang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong coverage at mga tagubilin sa kung paano mag-apply para sa mga benepisyo.

Kung tinanggihan ang iyong claim, may karapatan kang:

- Alamin ang dahilan sa pagtanggi.
- Iapela ang mga pasya tungkol sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo. Bumisita sa **Appeals (edd.ca.gov/Disability/Appeals.htm)** para sa karagdagang.

Kumpidensyal ang lahat ng impormasyon ng claim maliban na lang sa mga layuning pinapayagan ng batas.